**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)
**PARAÑAQUE**

# FILIPINO 7

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**
**Manunulat:** Marigine D. Escopel
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Marigine D. Escopel
**Manunulat/Tagalapat ng LAS:** Aiza R. Altajeros/ Norma M. Amaran
**Tagasuri ng Nilalaman:** Dr. Edwin S. Doria/ Jojo T. Dela Reyna
**Tagasuri ng Wika:** Jojo T. Dela Reyna/ Byron M. Suriaga
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director- NCR
Evangeline P. Ladines, CESO V- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Dr. Bernardo N. Mascarina- CID Chief Parañaque City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino- NCR
Dr. Edwin S. Doria, EPS Filipino SDO Parañaque City
Dennis M. Mendoza, LR EPS- NCR
Dr. Rodel C. Apostol, LRDMS Parañaque City
Nancy Mabunga, Librarian – NCR
Katreena A. Baluyot, Librarian – SDO Parañaque City

**(Ito ay Pagmamay-ari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

# Napanood na Bahagi ng Telenobela, Paglalahad ng Saloobin at Damdamin: Sariling Karanasan, Iugnay sa Kuwento

## Inaasahan

Nailalahad ang sariling saloobin at damdamin sa napanood na bahagi ng telenobela o serye na may pagkakatulad sa akdang tinalakay
**F7PD–IVc – d – 18**

Naiuugnay sa sariling karanasan ang mga karanasang nabanggit sa binasa
**F7PB – IVc – d- 22**

## Unang Pagsubok

Alam kong nasasabik ka nang simulan ang modyul na ito, kaya naman simulan na natin!

Sa bahaging ito, tinipon ko ang mga linya ng mga sikat na pelikula sa ating henerasyon ang dapat mo lamang gawin ay ilahad ang iyong sariling damdamin o saloobin hinggil sa nasabing linya at magbigay ng maikling paliwanag kung ito ba ay may pagkakatulad sa iyong karanasan.

1. *‘’May mga maswerteng taong nahanap na ‘yung taong para sa kanila. May mga taong patuloy na naghahanap at may iba na sumuko na. Pero ‘yung pinakamasaklap eh yung nasa’yo na, pinakawalan mo pa.’’ –* ***John Lloyd Cruz (My Amnesia Girl)***

Damdamin o saloobin ________________________________________

Paliwanag__________________________________________________

.

2. *“Ma, I’m sorry. Alam ko naman na kahit ano’ng mangyari mahal na mahal niyo ako, eh. Pero ako ho kasi ‘yung may problema. Ako ’yung hindi makatanggap na ganito na lang ako. Na hindi ko narating lahat ng mga pangarap mo sa 'kin, Ma... Na ako talaga yung kulelat sa lahat ng mga anak mo... Na kahit ano'ng gawin ko hindi ako magiging kasinggaling ni Bobbie."* ***– Tonie Gonzaga (Four Sisters and a Wedding)***

Damdamin o saloobin ________________________________________

Paliwanag__________________________________________________

## Balik-Tanaw

Sa bahaging ito, balikan ang mga karanasan mong maaaring maiugnay sa sumusunod na salita.

**Panuto:** Lagyan ng emoji / emoticons ang mga salitang nakalahad ayon sa damdamin nito at ibahagi ang iyong karanasan na may kaugnayan sa salita.
**( ☺ 😐 ☹ )**

| Salita | Emoji / Emoticons | Pagbabahagi ng karanasan |
|---|---|---|
| 1. Pagtataksil | | ________________________________ ________________________________ |
| 2. Pagkabigo | | ________________________________ ________________________________ |
| 3. Pananalig | | ________________________________ ________________________________ |
| 4. Pagpapala | | ________________________________ ________________________________ |
| 5. Pagpapatawad | | ________________________________ ________________________________ |

## Pagpapakilala sa Aralin

Hangarin ng bawat magulang ang kaligtasan at kaayusan ng kanilang mga anak, kung kaya't ang pagmamahal nila sa kanilang mga anak ay walang katumbas. Subalit ang pagmamahal na ito ay nawawalan ng kabuluhan dahil sa hindi pagkakasundo ng magkakapatid.

Ating alamin at muling tunghayan kung paanong nagtaksil at nagpatawad ang mga tauhan mula sa bahagi ng akdang Ibong Adarna.

***Buod ng Bahagi ng Akdang Ibong Adarna***

***(Ang Muling Pagtataksil ng Dalawang Prinsipe at Ang Pagkatagpo ng Pag-ibig sa Bundok ng Armenya)***

Muling napagkasunduan nina Don Pedro at Don Diego na linlangin si Don Juan. Pinakawalan ng dalawa ang Ibong Adarna nang makatulog si Don Juan na siyang nakatalagang tagabantay ng Ibong Adarna. Upang maiwasan ang pagtatanong ng hari at matuklasan ang kasalanang ginawa ng dalawang kapatid ay nilisan na lang ni Don Juan ang palasyo at nagtungo sa bundok ng Armenya.

Ipinahanap ng hari si Don Juan sa kanyang dalawang kapatid. Tutol man ay napilitang sumunod ang dalawa at sa paghahanap ay natagpuan nila ang bunsong kapatid sa bundok ng Armenya. Doon ay napagkasunduang doon na sila manirahan. Naisipan ng tatlong prinsipeng mamasyal sa kabundukan at doon ay natagpuan nila ang isang mahiwagang balon. Tanging si Don Juan ang nagtagumpay sa paglusong sa mahiwagang balon dahil sa taglay na tibay ng loob at pananalig sa Diyos.

Natagpuan niya sa ilalim ng balon ang isang palasyo. Doon ay naninirahan ang isang dalagang nagngangalang Donya Juana na agad bumihag sa puso ng binata. Iniligtas ng prinsipe ang dalaga sa kamay ng higanteng nagbabantay rito. Bago umalis sa ilalim ng balon, ipinakiusap ni Donya Juana na iligtas din ang nakababatang kapatid na si Donya Leonora na bihag naman ng isang serpiyenteng may pitong ulo. Nang makita ni Don Juan si Donya Leonora ay hindi rin napigilan ng binata ang mabighani at umibig sa dalaga. Habang nag-uusap ang dalawa ay dumating ang serpiyente at dito nagsimula ang kanilang paglalaban. Isang madugong labanan ang naganap. Sa tulong ni Donya Leonora at dahil na rin sa matibay na pananalig sa Diyos, natalo ni Don Juan ang serpiyente at napalaya mula rito si Donya Leonora.

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Paano muling ipinahamak nina Don Pedro at Don Diego ang kanilang bunsong kapatid?

2. Kung hindi umalis si Don Juan, ano sa palagay mo ang maaaring naging pasya ng hari?

3.Makatwiran ba ang naging paliwanag ni Don Pedro kaugnay sa pagkawala ng Ibong Adarna? Bakit?

4. Anong naramdaman mo matapos mong malaman ang ginawang pagpapakawala ng dalawang prinsipe sa Ibong Adarna? Bakit?

5. Kung ikaw si DonJuan, aalis ka ba upang mapagtakpan ang kasalanang ginawa ng iyong mga kapatid? Bakit oo o bakit hindi?

## Gawain

**A. Panuto:** Ilahad ang sariling saloobin/damdamin sa mga bahagi ng akdang binasa. Iugnay ito sa teleserye o telenobelang napanood.

| Bahagi mula sa Akdang Ibong Adarna | (Pamagat ng napanood na Teleserye) ______ | (Saloobin/Damdamin) |
|---|---|---|
| Muling pinagtaksilan nina Don Pedro at Don Diego ang kanilang bunsong kapatid na si Don Juan | (bahaging may pagkakatulad sa akda) | ______<br>______ |
| Iginiit ni Don Pedro na siya ang nararapat na unang lumusong sa balon dahil siya ang panganay | (bahaging may pagkakatulad sa akda) | ______<br>______ |

| | | |
|---|---|---|
| Tanging si Don Juan ang nagtagumpay sa paglusong dahil sa taglay na tibay ng loob at pananalig sa Diyos | (bahaging may pagkakatulad sa akda) | ______________________ ______________________ |
| Pinutol ni Don Pedro ang lubid na siyang ikinahulog ni Don Juan sa balon | (bahaging may pagkakatulad sa akda) | ______________________ ______________________ |
| Magiting na iniligtas ni Don Juan si Donya Leonora sa kamay ng Serpiyente | (bahaging may pagkakatulad sa akda) | ______________________ ______________________ |

**B. Panuto:** Iugnay sa sariling karanasan ang sumusunod na saknong na nagpapakita ng karanasan ng tauhan.

| **Karanasan ng Tauhan sa Akdang Ibong Adarna** | **Sariling Karanasan** |
|---|---|
| 426 ‘’Noon niya napagsukat<br>ang sa tao palang palad<br>magtiwala ay mahirap<br>daan ng pagkapahamak’’ | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 469 ‘’Sa mga araw ng Linggo<br>walang alis silang tatlo<br>sa kanila naming kubo<br>may masayang salu-salo’’. | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 505 ‘’Anu man ang kasapitan<br>ito’y ‘di ko uurungan,<br>ang malaking kabiguan<br>ay bunga ng karuwagan’’ | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |

| | |
|---|---|
| 511 ‘’Lalo siyang nanggilalas<br>at ang puso ay nabihag<br>nang tamaan na ng malas<br>si Donya Juanang marilag’’ | ________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________ |
| 564 ‘’Huwag sanang maghilahil<br>may awa ang Inang Birhen,<br>sa magandang hangad natin<br>tayo’y kaaawaan din’’ | ________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________ |

## Tandaan:

May iba’t ibang damdaming nangingibabaw at namamayani sa mga akdang ating nababasa. Ito ay batay na rin sa paraan ng ating pagtanggap sa mga pangyayari o karanasan natin na minsan ay maiuugnay sa mga paksang ating tinatalakay.

Ang ibig sabihin ng **saloobin** ay tumutukoy sa damdamin o disposisyon ng isang tao tungkol sa isang pinag-uusapang paksa. Maaaring ang saloobin ng isang tao ay negatibo o positibo. Ang saloobin ng isang tao ay ang kanyang sariling masasabi sa pinag-uusapan batay sa kanyang pag-intindi at pag-analisa sa paksa.

Ang **damdamin** ay isang emosyon na pangkaraniwang nararamdaman ng isang tao mula sa pangyayaring nagaganap sa kanyang buhay tulad ng saya, lungkot o galit.

Samantalang ang **pag-uugnay sa sariling karanasan ng mambabasa sa kanyang binasa** ay nakatutulong nang higit na pag-unawa sa binasa at pagkamulat sa katotohanang namamayani sa lipunan. Ang mga akdang pampanitikan ay maiuugnay natin sa ating sarili at sa lipunang ating ginagalawan.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Sa akdang binasa ay binigyang-diin ang hindi pagkakasundo ng magkakapatid na nangyayari sa totoong buhay. Sa kabila ng lahat, anuman ang mangyari ay mananaig pa rin ang pagmamahal, pagmamalasakit at pagpapatawad ng bawat isa bilang isang pamilya.

**A. Dugtungan ang pahayag:**

Sa bahaging ito ng aralin aking natutuhan na …

Natutuhan

________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________

**B. Isulat sa kahon ang iyong mga naging saloobin o damdamin sa binasang akda at ipaliwanag.**

| Saloobin/ Damdamin | Paliwanag |
| --- | --- |
| | |

## Pangwakas na Pagsusulit

Binabati kita sa iyong ipinakitang kahusayan sa pagsagot sa modyul na ito, ngayon oras na para sukatin ang iyong natutuhan sa paksang tinalakay. Handa ka na ba? Tara simulan na natin!

**A. Panuto:** Gamit ang dayagram na nakalahad ibigay ang sariling damdamin / saloobin batay sa napanood na teleserye na may pagkakatulad sa tinalakay na bahagi ng akdang Ibong Adarna.
(10 puntos)

| **Pamagat ng Teleserye** | |
|---|---|
| **Mga Tauhan** | |
| **Sariling Damdamin / Saloobin** | |

**B. Panuto:** Magsalaysay ng sariling karanasan na may kaugnayan sa mga pangyayari sa akdang binasa. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel

| **RUBRIK SA PAGBUO NG SALAYSAY** | |
|---|---|
| **Pamantayan** | **Puntos** |
| Sariling Karanasan / Orihinal | 2 |
| May kaugnayan sa pangyayari mula sa akda | 3 |
| May magandang pamagat | 2 |
| Malinaw at organisado ang pagsasalaysay | 3 |
| **Kabuoan** | 10 |

**Susi sa Pagwawasto**

Malaya ang guro sa pagbibigay ng marka sa bawat gawain

## Sanggunian

Baisa-Julian, A., Lontoc, N., Esguera-Jose, C., Dayag, A. 2017. **Pinagyamang Pluma 7.** Phoenix Publishing House Inc.

Correa, Ramilito, 2015. **BAYBAYIN: Paglalayag sa Wika at Panitikan**. Rex Bookstore, Inc.